

BANGA, BANGKA, BANGKAY!!!
Isang Panukalang Gamit ng Arkeolohiya sa Pagtuturo ng
Araling Panlipunan at Kasaysayan ng Pilipinas¹

Michael Charleston “Xiao” B. Chua

Pamantasang De La Salle Maynila

I. Panimula

“Before the coming of the Spaniards, as we have hinted, the Philippines were backward in civilization as compared with most of the rest of the Far East.... The Filipinos were still but partly removed from the primitive stages of culture.... They had no elaborate political organization....”
(Latourette 1964, 287)

Sipi ito mula sa isang aklat na isinulat ng isang propesor sa Yale University noong 1964 na hanggang ngayon ay nabibili sa isang malaking *bookstore chain* at malaganap na ginagamit sa mga pamantasan sa Pilipinas. Isa lamang ito sa maraming mga pananaw na ipinapalaganap ukol sa kawalan ng magandang kultura sa kapuluang ito bago dumating ang mga Espanyol na maaaring makaapekto sa kanyang pananaw bilang isang bansa.

Sa mga nakalipas na dekada marami na ang mga natuklasang mga bagay, nahukay o natagpuan sa iba’t ibang pook, na maaaring magpatunay na mali ang sinasabing walang kultura ang mga ninuno natin. Hindi iilan ang naisulat ng mga eksperto ng arkeolohiya at antropolohiya ukol sa mga bagong tuklas na ito. Subalit marami sa mga ito ay nananatiling mga akademikong dyornal o mga teknikal na *report* na siyentipiko ang lapit subalit hindi naaabot ng mas nakararaming mga mambabasa lalo na ng mga guro. Kaya kahit nababanggit ang mga bagong tuklas na ito sa mga aklat at diskusyon, hindi pa rin nagkakaroon ng malalim na pagkakilala ang mga kabataan

¹ Unang isinumite kay Dr. Zandro Villanueva para sa klase ng Antropolohiya 212, Ikalawang Semestre, 2011-2012 sa Unibersidad ng Pilipinas—Diliman.

ukol sa kanilang mga ninuno at hindi naikokonekta ang saysay ng mga artifact (liktao) na ito sa mas malawakang kasaysayan ng Pilipino.

Bilang isang historyador na nag-aaral ngayon ng doktorado sa Antropolohiya at kumukuha ng isang asignatura sa Arkeolohiya, ninais kong isulat ang papel na ito na naglalayong makatulong sa mga guro sa pamamagitan ng pagpapanukala kung alin sa mga maraming bagong tuklas na mga liktao ang maaaring itanghal sa pagtuturo sa klase at kung paano ito bibigyan ng saysay sa pag-aaral ng kasaysayan. Pagbibigay ng lalim at saysay ng hukay sa kasaysayan.

Magpapanukala ang papel ng isang malinaw na *agenda* ng guro ng kasaysayan: ang pagtuturo ng Austronesyanong *base culture* gamit ang mga arkeolohikal na tuklas sa Pilipinas—mga banga, bangka, bangkay at iba pa—upang makita na maaaring itanghal ang pagbubuo ng bansa sa pagkakahalintulad ng ating mga kultura habang patuloy na nirerespeto ang kaibahan ng bawat isang kultura sa loob nito. Ito ay upang makabuo ng isang mas holistiko at naaayon sa kasaysayan na pagkakakilanlan upang magkaroon ng batayan ng pagkakaisa ang mamamayang Pilipino.

Malay rin ako na hanggang ngayon Ingles ang wika ng arkeolohiya sa Pilipinas. Ang papel na ito ay maliit na tugon sa hamon na ibinigay ni Carlos P. Tatel:

Samantala, kinakailangan pa ang pag-usbong ng Filipino bilang isang laganap na wika ng talastasan sa larangan ng arkeolohiya sa Pilipinas. At magaganap lamang ito kung sasali ang mas maraming mga Pilipinong arkeologo na mag-uulat ng mga pag-aaral sa wikang Filipino para sa sambayanang Pilipino. Sa pamamagitan nito, makakapagsimula ng sariling talastasan sa arkeolohiya ang mga Pilipinong arkeologo na tutugon sa pangangailangang makabuo ng isang kamalayang Pilipino sa pamamagitan ng mga disiplinang akademiko (Tatel 2005, 195).

Ito ay sa kabila ng aking pagiging saling-pusa sa arkeolohiya at nakikisawsaw lamang bilang isang guro ng kasaysayan.

II. Ang *Agenda* ng Guro ng Kasaysayan at Araling Panlipunan

Kumplikado ang mag-aral ngayon ng mga Agham Panlipunan, partikular sa Arkeolohiya at Antropolohiya lalo sa panahon ng Post-Modernismo. Uso ang mga pagteteorya na bumabasag sa mga “grand narrative,” at sa pagtatanghal ng pagiging komplikado / masalimuot na pagkakaiba ng mga kultura kaysa sa ipinapakita sa mga pangkalahatang mga akda ukol sa Pilipinas. Walang isang kulturang Pilipino, bawat isang grupo ng tao sa Pilipinas ay may pagkakaiba-iba. Sa ganitong diwa sumasang-ayon ako.

Ang bansa raw ay kathang-isip. Ayon nga kay Benedict Anderson isa itong “imagined community” (Anderson 2003), isang konsepto na aking isinalin sa isang artikulo bilang “hinirayang pamayanan” (Chua 2007, 92-93). Tama nga naman, nakapaloob ngayon sa Pilipinas ang 171 isang wika, bawat wika ay may sariling kultura, sino ba ang nagsasabi na isang bansa tayo. Ang konsepto ng ating pagkabansa ay binuo lamang ng ating mga bayani.

Ngunit ang “hinirayang pamayanan” na ito, dahil na rin sa mga pangyayari sa ating kasaysayan, ay naging katotohanang pulitikal na, mula sa pananakop ng mga Espanyol, Pambansang Rebolusyong Pilipino ng 1896, Tratado ng Paris, at ng Bates Treaty at Carpenter Agreement ng mga Amerikano sa mga Sultanato. Dama natin na may bansa dahil kailangan natin ng pasaporte sa pagpunta sa kabilang bansa, ang anumang krisis sa ng isang rehiyon ay nadarama ang epekto sa lahat ng rehiyon. At sa panahon na magkaroon ng sakuna sa anumang bahagi ng bansa, tayo-tayo pa rin ang unang nagtutulungan.

Hindi man sumang-ayon ang mga post-modernista sa agham panlipunan, sa aking abang opinyon bilang isang guro, may pangangailangan pa rin na ipakita ang mga pagkakahalintulad natin sa loob ng bansa.

Una sa lahat, ang pagtuon ng Kanluran sa kanilang pagkakaiba-iba, lalo sa Estados Unidos, ay bunsod ng pagkabuo na ng kanilang pambansang kamalayan at kasaysaysan. Sa pagkakaisang ng 51 estado bilang isang identidad ang nagdala sa kanila sa ruok ng kabihasan bilang pinakamalakas na bansa sa mundo. Sa kaso ng Pilipinas, bagama't may pulitikal na pagkabansa, ito ay tinatawag na “kabuuang may lamat”—rehiyunalismo ang umiiral, at gayundin ang pagkakahati ng elit at ng bayan / masa. Sabi ko nga, paano pagwawatak-watakin ang hindi pa nabubuo?

Pangalawa, mas mahirap at komplikado sa aking karanasan na ipaliwanag ang kasaysayan at araling panlipunan nang wala kang *framework* at *grand narrative* lalo na sa elementarya at hayskul. Kulang ang panahon upang maging masyadong komprehensibo sa pagpapaliwanag ng lahat ng mga kultura sa Pilipinas. Isa, sa pagtuturo sa mga bata, hindi lamang impormasyon ang kailangan mong ibigay kundi ang pagbubuo ng pagkatao niya na may mabuting asal at may pagmamahal sa bayan. Ito ang panukala kong agenda ng isang guro.

Sabagay, *obvious* at pinapa-*obvious* pa ng marami ang pagkakaiba natin bilang rehiyon, madali na itong masagap ng mga estudyante. Mas importante ang pagtuturo ng kaisipang maka-bansa at tungo sa pagbubuo ng bansa. Isang identidad na nakabatay pa rin sa mga kultura sa loob ng bansa at pagbibigay tuon sa pagkakahalintulad nito. Isang *framework* na naglalayong magkaisa ang mga Pilipino ngunit sa kabilang bansa ay rumerespeto rin sa pagiging iba-iba ng pagkakakilanlan ng bawat grupo ng tao sa Pilipinas. Ano pa ba ang magiging batayan ng pambansang kultura at kasaysayan kundi ang mga lokal na kultura at kasaysayan din. Kaiba ito sa *grand narrative* na lumalaganap ngayon sa mga mag-aaral ng kasaysayan sa kabila ng pagsisikap ng mga bagong historyador—isang salaysay na may tuon sa mga konstribusyon ng mga kolonyalista kaysa sa pagbubuo at pagtindig ng bayan sa ilalim ng kolonyalismo. Isang *grand narrative* na ang panahon ay hinahati sa pre-kolonyal, Panahon ng Espanyol, Amerikano at Hapones na tila nagpapakita na ang highlight ng ating kasaysayan ay ang kolonyalismo tulad ng reklamo ni Zeus A. Salazar (Salazar 2004b). Ito ang *grand narrative* na patuloy na nagtatali

sa atin sa kolonyal na mentalidad: Dahil mahina at bobo ang mga sinaunang Pilipino, ang lahat ng magagandang bagay na ukol sa ating kultura ay pamana ng mga dayuhan—ang ating pananampalataya (Espanyol), o ang ating pamahalaang demokratiko at edukasyon (Amerikano).

Wala na tayong magagawa, itinakda na ng ating mga ninunong bayani at ng ating kolektibong karanasan na tayo ay isa nang pulitikal na bansa. Tayo-tayo ay magkakasama na sa isang bangka. Isang kailangang gawin ay hanapin ang ugat na kumon ng ating mga kultura, nang sa gayo’y makakita tayo ng dahilan na magkaisa upang mahalín ang Inang Bayan kaysa magkawatak-watak habang ang mga may sakim na mga interes sa ating bayan ay nagpapakasasa sa ating kawalan ng nasyunalismo. Ito ang mahalagang papel ng guro ng Kasaysayan at Araling Panlipunan na hindi biro at kailangang seryosohin, ang maipunla ang pagmamahal sa ating bayan sa mga kabataan sa murang edad pa lamang.

III. Austronesyano: Tungo sa isang “framework” na mula sa mga kultura sa Pilipinas

Hindi kumportable ang ilan sa salitang *grand narrative*. Ang mga salaysay na ito marahil ay maituturing na mga “framework,” mga bintana kung paano matitingnan ang isang komplikadong bagay. Kung gayon ano kayang *framework* ang maaaring ikuwento na magpapakita ng kaisahan ng ating bayan sa kabila ng pagkakaiba-iba ng ating mga kultura.

Nitong nakalipas na apat na dekada, may mga pananaliksik na ginawa na nagpapatunay na hindi tayo nanggaling sa teoryang “Waves of Migration” ng mga Ita, Indones at Malay na unang nahinuha ni H. Otley Beyer (Bagama’t tunay na nakarating ang mga Ita dito mula Borneo tungong Palawan sa pamamagitan ng mga tulay na lupa noong panahon ng Pleistocene). Sa kabila ng patuloy na paglaganap ng teoryang ito sa mga paaralan hanggang sa kasalukuyan kahit hindi nito naipapaliwanag ang naging kultura ng Pilipinas, itinuon ng mga eksperto ang pag-aaral sa ibang mga teorya.

Ayon kay F. Landa Jocano, mayroon nang mga tao na sumibol sa kapuluang ito. May ebidensya raw na magpapakita ng pag-iral ng tao batay sa mga kasangkapang-bato na iniwan ng mga tinatawag na *Homo erectus philippinensis* na natagpuan sa isang sayt sa Cagayan Valley (500,000/250,000 B.C.) at ng *Homo sapiens* na natagpuan sa Novaliches (150,000 - 100,000 BC) (Jocano 1975). Ngunit, kontrobersyal ang paggamit ng mga kasangkapan na ito sapagkat paano masisigurado na *Homo erectus* at *Homo sapiens* nga ang mga tao na gumamit ng mga ito kung wala namang mga buto na natagpuan?

Noong Dekada 1960, may natagpuang mga buto ng talukap at panga ng isang babae sa Kuweba ng Tabon sa Palawan ng isang *Homo sapiens sapiens* (28,000 - 7,000/5,000 BC). Sa matagal na panahon, ang Babaeng Tabon ang itinuring na pinakamatandang labi ng tao na natagpuan sa Pilipinas hanggang matagpuan ng grupo ni Dr. Armand Mijares kamakailan lamang ang isang buto ng ikatlong butong metatarsal ng paa sa Kuweba ng Callao sa Cagayan na mas nauna pa sa Taong Tabon, sa tantya ng mga eksperto, ay nabuhay 67,000 taong nakalipas (Mijares 2010). Ang natagpuan na buto ni Dr. Mijares ang maaaring ituring na totoong pinakamatandang labi ng tao sa Pilipinas sa kasalukuyan at hindi ang *Homo erectus philippinensis* na wala naman talagang butong katibayan.

Anuman, ang mga ito ang nagpapakita ayon kay F. Landa Jocano na mayroon nang *elaborate* na kabihasan ang mga ninuno natin bago pa man dumating ang sinumang dayo.

Mayroon ding mga eksperto na tintingnan ang paglaganap ng mga wikang Austronesyano bilang *clue* sa naging paglaganap ng mga tao at kultura sa Timog Silangang Asya. Ang salitang Austronesyano ay nagmula sa salitang Latin na *auster*—o mga hangin ng timog at Griyegong *nêsos*—mga kapuluan. Ang pinaka-ebidensya na mayroong *base culture* ang Timog Silangang Asya ay ang pagkakahalintulad ng mga wika nito sa pamamagitan ng mga *cognates* o mga salitang magkakahawig sa anyo at kahulugan.

May dalawang magkasalungat na *hypothesis* sa pinagmulan ng mga nagsasalita ng mga wikaing Austronesyano. Ayon kay Wilhelm Solheim II, ang Ama ng Arkeolohiya sa Timog Silangang Asya, ang mga tinatawag niyang “Nusantao” ay nagmula sa bansang Sulu at Celebes. Nakilala ang kanyang teorya bilang “island origin hypothesis” na naghihinuha na ang mga tao sa Timog Silangang Asya ay kumalat sa pamamagitan ng mga *network* ng pakikipagkalakalan, kasalan at mga migrasyon (Solheim 1984-85).

Ang *hypothesis* ni Solheim ay hinamon ng isang nakababatang arkeologo na si Peter Bellwood, na nakahukay ng iba’t ibang mga hikaw na gawa sa *jade* na tinatawag na lingling-o. Kahit natagpuan ang mga ito sa iba’t ibang bahagi ng Timog Silangang Asya sa mga kapuluan man o sa *mainland*, halos magkakapareho ang disenyo ng mga ito (Bellwood 2006). Ang mga *jade* na ito ay maaari lamang magmula sa Timog Tsina at Taiwan, kaya tinawag ang kanyang teorya na “mainland origin hypothesis.” Para sa kanya, ang mga Austronesyano ay nagtungo “out of Taiwan” mga 5,000 hanggang 1,500 B.C. patungong mga kapuluang Pilipinas (Bellwood 1984-85; Bellwood 1997).

Anuman ang inyong paniwalaan, ang dalawang teorya ay sumasang-ayon na ang mga nakatira sa Kapuluang Pilipinas ay isa sa mga naunang mga Austronesyano, at tulad ng nabanggit sa akin mismo ni Bellwood, dito sa kapuluang ito umunlad ang isang mas sopistikadong kulturang maritima sa paggamit ng mga ito ng mga bangkang may katig (outrigger canoes), na naging dahilan ng pagkalat ng mga Austronesyano sa Timog Silangang Asya, Oceania, New Zealand, Hawaii at hanggang sa Easter Island malapit sa Timog America sa silangan at hanggang sa Madagascar sa Africa sa kanluran (Bellwood 2006).

Sa isang panayam para sa Kasaysayan TV, sinabi ni Bernadette G. L. Abrera na ngayon ay tagapangulo ng UP Departamento ng Kasaysayan at nagtuturo ng kultural na kasaysayan sa nasabing institusyon, may mga ebidensya na maaring magpatunay na tayo ay mga Austronesyano liban sa mga *cognates* ng wika. Ilan sa mga ito ay ang mga katibayang materyal

o mga artifact / liktao, paglilibing sa banga, ang ating kulturang maritima at paniniwala sa mga kaluluwa at anito (delos Santos 2001).

Ang mga lokalisdong halimbawa ay magpapakita ng bisa ng kasaysayan at kalinangang pampook (local history and culture) sa pagpapakita na iba-iba man ang ating naging manipestasyon ng kultura, may nakikita pa rin na mga *patterns* o bakas ng pagkakahalintlad na nagtuturo sa atin sa *base culture* na ito.

IV. Panukalang Pagsaysay ng mga Arkeolohikal na Tuklas sa Pilipinas

Nabanggit na sa mga unang bahagi ang kahalagahan ng ilang mga arkeolohikal na tuklas sa pangkalahatang kasaysayan ng Pilipinas, tulad ng mga nahukay at natagpuan na mga kasangkapang bato sa Cagayan at Novaliches, mga labi ng tao sa mga kuweba ng Callao at Tabon, at mga magkakaparehong *jade* na lingling-o o hikaw na natagpuan sa buong Timog Silangang Asya. Bibigyang tuon ng bahaging ito ng papel ang iba pang mga arkeolohikal na kayamanan na matatagpuan ngayon sa ating Pambansang Museo ng Pilipinas.

Kailangang bigyan muna ng pansin na marami sa mga babanggitin na mga bagay ay hindi nakuhay *in situ* (on site) kundi napasakamay lamang ng Pambansang Museo. Sayang dahil mas malalaman ang pagiging totoo (authenticity), at ang panahon kung kailan ito ginawa kung ito ay natagpuan *in situ* nang hindi pa nagagalaw kundi ng arkeologo. Ang paggalaw ng mga mamayan sa mga arkeolohikal na tuklas na ito ay repleksyon ng katotohanang walang sapat na kaalaman ang mga tao sa kung ano ang gagawin kapag nakakita ng ganitong sayt (dapat sikaping wag nang galawin at ireport ito sa Pambansang Museo), at ang kaisipang may mahihitang pinansyal na ganansya sa pagtuklas ng ganitong mga kayamanang kultural (treasure hunting / antiquarian mentality).

Hindi man natagpuan ang ilan sa mga ito *in situ*, may mga konsiderasyon na ipinataw ang Pambansang Museo sa pagturing ng mga ito bilang awtentikong mga kayamanan mula sa ating

mga ninuno. Isa na marahil dito ayon kay Dr. Zandro Villanueva sa aming diskusyon sa klase ang “uniqueness” ng isang liktao.

A. Ang Mga Balanghay ng Butuan

Nakakuha ng ulat ang Pambansang Museo noong 1976 mula sa Ministry of Public Works and Highways. Habang naghuhukay para sa *flood control program* ang Lungsod ng Butuan, Agusan del Norte ay aksidente silang nakahukay ng mga lumang kahoy na kabaong (Paterno 1995, 118). Dali-daling naghukay ang Pambansang Museo at natagpuan nila ang isang labi ng bangka na natagpuan *in situ*. Batay sa taguri ni Antonio Pigafetta sa mga ito, tinawag ang mga Bangka na “balanghay.” Ang unang bangkang ito ay napetsahan sa pamamagitan ng carbon-14 na nagmula pa noong 320 A.D. (Ang bangkang ito ay nanatili sa museo sa Libertad, Butuan). Sa lahat-lahat may siyam na bangka pang natagpuan. Ang unang tatlo ay iniahon na mula sa lupa. Ang pangalawang natagpuang bangka na napetsahang nagmula pa noong 1250 ay inilipat na sa Pambansang Museo sa Maynila. Ang pangatlong bangkang natagpuan noonmg 1986 ay napetsahang nagmula pa noong 990 A.D. Ang nalalabing anim ay pinanatili muna nilang *in situ* na nakalubog sa tubig, ito raw ang pinakamainam na paraan upang mapanatili sila (Salcedo 1998, 207-208).

Ang mga bangkang ito ay arkeolohikal na patunay ng isang sopistikadong teknolohiya at kulturang maritima sa kapuluang ito. Matitibay, matutulin at hinahangaan ang mga bangkang nagmula sa Pilipinas. At tulad nang natagpuan sa Butuan, pinagbuklod lamang ang mga ito, hindi ng mga pako, kundi ng mga “woden pegs.” Sa isang aklat na pinamagatang *Lost Discoveries: The Ancient Roots of Modern Science—From The Babylonians To The Maya* na naiulat sa magasing *Business Week*, kinilala ng awtor na si Dick Teresi na naging mahalaga sa paglalayag ng mga Europeo noong *Age of Discovery* ang sinaunang kaalaman sa paggawa ng bangka at paglalayag ng mga Indian, Filipino, Javanese at mga Arabe.

Hindi lamang kamangha-mangha ang ating kaalaman sa paggawa ng mga bangka kung hindi ang kaalaman din sa paglalayag. Kamakailan lamang, inilabas ng etno-astornomiko at historyador na si Dr. Dante Ambrosio bago siya pumanaw ang kanyang mapanghawan ng landas na aklat ukol sa kaalaman sa konstelasyon ng mga sinaunang Pilipino na nananatili sa mga taga-Sulu (Ambrosio 2010). Ang ipinangalan ng mga sinaunang Pilipino sa kanilang mga konstelasyon ay mga kagamitan rin nila sa lupa at sa dagat halimbawa ay ang “Balatik” (panghuli ng baboy damo) para sa “Orion’s Belt” at “Bubu” (panghuli ng isda) para sa “Big Dipper.” Kaya naman kanyang naisulat:

Kapag tumingala sa langit ang mga sinaunang Pilipino, hindi lamang basta langit ang kanilang nakikita. Nakikita nila ang sarili nilang kabihasanan dito, lalo’t mga bituin ang pag-uusapan. Gaya ng ibang kultura, itinatak nila sa langit ang kanilang kakanyahan. Inangkin din nila ang langit. Naging isang saligan ito ng kanilang pag-iisip, pagkilos at pamumuhay. May nabuo silang sariling kabangyaman ng mga pananaw, paniniwala, kaalaman at kaugalian kaugnay ng kalangitan (Ambrosio 2005, 1)

Maaarin ngayong ituro sa mga bata na dahil sa sopistikadong kultura na ito, iginalang tayo ng ating mga kapit-bahay sa Timog Silangang Asya na nakipagkalakalan sa atin at isinama pa ang mga kaharian natin na malapit sa dalampasigan—Vigan, Lingayen, Maynila, Sugbu, Butuan, Sulu, at iba pa bilang bahagi ng rutang pangkalakalan patungong Tsina (Scott 1989, 1; Salazar 2004b, 9). Bago pa man ang internet, at iba pang teknolohiya, ang pinakamahalagang network sa pakikipagkalakalan, pakikipagkaibigan at pagkuha ng impormasyon ay ang katubigan—ang mga ilog at ang mga dagat.

B. Ang Bangang Manunggul, Mga Bangang Maitum at Iba Pang Anyo ng Paglilibing

Isang kakaibang ikalawang libingang banga ang natagpuan sa Kuweba ng Manunggul, na bahagi ng napakahalagang pook arkeolohikal, ang Tabon Cave Complex sa Lipuun Point, Quezon,

Palawan noong Marso 1964 nina Victor Decalan, Hans Kasten at ilang mga boluntir mula sa United States Peace Corps. Pinetsahan ito na nagmula pa sa katapusan ng panahong Neolitiko o mga 710 B.C. (Bautista 2004, 49). Inilarawan ni Robert Fox ang banga sa kanyang akda ukol sa mga Kuweba ng Tabon:

The burial jar with a cover featuring a ship-of-the-dead is perhaps unrivalled in Southeast Asia; the work of an artist and master potter. This vessel provides a clear example of a cultural link between the archaeological past and the ethnographic present. The boatman is steering rather than padding the "ship." The mast of the boat was not recovered. Both figures appear to be wearing a band tied over the crown of the head and under the jaw; a pattern still encountered in burial practices among the indigenous peoples in Southern Philippines. The manner in which the hands of the front figure are folded across the chest is also a widespread practice in the Islands when arranging the corpse.

The carved prow and eye motif of the spirit boat is still found on the traditional watercraft of the Sulu Archipelago, Borneo and Malaysia. Similarities in the execution of the ears, eyes, nose, and mouth of the figures may be seen today in the woodcarving of Taiwan, the Philippines, and elsewhere in Southeast Asia (Fox 1970, 112-114).

Kung titingnan ang banga, tatlong ebidensyang Austronesyano ang sinasalamin nito: Ang paglilibing sa banga, ang disenyo ng bangka, at ang paniniwala sa mga kaluluwa at mga anito.

Ang mga sinaunang Austronesyano ay sinasabing naglilibing sa banga, at may dalawang uri ng paglilibing sila na ginagawa sa mga unang libingang banga (primary burial jar) kung saan inililibing ang buong katawan ng taong kamamatay pa lamang, at sa mga pangalawang libingang banga (secondary burial jar) kung saan naman ang nililibing ay mga buto na lamang.

Noong 1991, isang tsismis nang isang liblib na kuwebang puro mga libingang banga ang kinumpirma mismo nina Eusebio Z. Dizon at Rey A. Santiago. Sa matagal na panahon, ayaw raw na guluhin ng mga Manobo ang mga kaluluwa sa kuweba, ngunit sila rin ang gumabay sa dalawang arkeologo sa kweba na nasa ilalim ng isa sa mga pinuno ng Moro National Liberation Front (MNLF) Haji Ayub Mindog sa Pinol, Maitum, Timog Cotabato—ngayo’y bahagi na ng Lalawigang Saranggani (Paterno 1995, 13). At natuklasan nila ang mga malalaking ikalawang libingang banga na may mga takip na may hitsurang tao na nilikha ng mga ninuno natin mula sa panahon ng *Developed Metal Age*. Ayon kina Dizon at Santiago sa kanilang natuklasan:

...the faces depicted in the pottery of Maitum are unique. They are like portraits of distinct individuals—of specific dead persons whose remains they guard. Some faces are thin with pointed chins and shriveled puckered mouths associated with the toothless or the aged. Other heads wear a smile displaying a full set of teeth. A patch of black paint on the head indicates where hair should be. Others with perforations suggest a more realistic portrayal. Had hemp fibers filled those holes to represent tufts of hair? (Dizon at Santiago 1996, 51)

Isa pang libingang banga ang nasa koleksyon ni Ermelo Almeda ng Naga, Camarines Sur na natagpuan sa Libmanan, Camarines Sur ay may kakaibang takip na sa pagbasa ni Zeus A. Salazar ay nagpapakita ng mga tagpo mula sa epiko ng Kabikulan, ang Ibalon o Handiong (Salazar 2004a).

Gayundin sa Bangang Manunggul. Makikita rin ang mataas na pagpapahalaga ng ating mga ninuno sa kanilang kulturang maritima. Ayon kay Abrera, sinasalamín nila ito sa kanilang paniniwala na makikita sa iba’t ibang mga epiko at kwentong bayan, “Lulan ng bangka ang kaluluwa patungo sa kabilang buhay, ngunit ang Bangka ay mayroong kaluluwa rin” (Abrera 2005, 46). Sa dagat nagdaraan ang kaluluwa patungo sa kabilang buhay kaya kung mapapansin, hindi lang ito nasasalamín sa Bangang Manunggul ng Palawan kundi sa mga kabaong na hugis

bangka sa Sagada at sa nahukay na mga libingan sa lupa may disenyong mga bato na nagbubuong hugis bangka sa Batanes.

Naniniwala ang ating mga ninuno na ang tao ay binubuo ng panlabas at panloob. Ang panlabas ay ang katawan habang ang panloob ay may dalawang bahagi—ang *life force* na tinatawag na “ginhawa” na nakalulan sa bituka, at ang “kaluluwa” na nakalulan sa utak na siyang nagbibigay ng buhay, pag-iisip at pagkukusa sa tao. Sa sikolohiyang Pilipino, magkakaroon lamang ng ginhawa ang tao (kumportableng buhay, magandang kalusugan o pakiramdam, kapayapaan ng isip, at pagkain) kung ang tao ay may matuwid at mabuting kaluluwa o malinis na kalooban. Ang kabaligtaran nito ay ang pagkakaroon ng masamang haling o masamang kaluluwa at maitim na kalooban. Sa paniniwala rin ng marami sa ating mga ninuno, ang kaluluwa ay maaaring magbalik sa lupa upang bantayan ang kanilang mga susunod na salinlahi. Magiging mga “anito” sila na mananahan sa kalikasan, sa mga bundok, mga ilog, sa lupa at mga bato, at sa mga puno (Salazar 1982 83-92; Covar 1992, 9-12; Maceda 1998, 77-94). Kaya naman kung mapapansin, bagama’t aakalaing dalawang kaluluwa lamang ang nasa disenyo ng banga, mayroon ring mukha ang banga. Ang bangka na yari sa punong kahoy ay mayroon ring kaluluwa. At ang bawat sasakyang pandagat ay mayroon ding kaluluwa (Abrera 2005, 35-36). Sa pagtuturo ng kahulugang antropolohikal ng Manunggul Jar, maaari itanghal ang mga *values* natin nang pagkakaroon ng mabuting kaluluwa at paggalang sa kalikasan na may buhay at kaluluwa rin at hindi lamang dapat gamitin ng walang patumangga para sa sariling kapakinabangan.

C. Ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna

Noong 1989, isang piraso ng binatbat na tanso na may sulat at may sukat na 20.32 x 20.48 sentimetro sa Wawa, Lumban, Laguna. Hindi ito natagpuan ng Pambansang Museo *in situ* sapagkat nagpasa-pasa ito sa iba’t ibang mga kolektor at nang mabili nila ito ay pinangalanan nilang “Laguna Copperplate” o tatawagin nating Binatbat na Tanso ng Laguna. Ang transliterasyon ng inskripsyon ay ginawa ni Antoon Postma ng Mangyan Heritage Center, Oriental Mindoro, sinasabing sa tulong ni Johannes de Casparis. Isinulat ito sa mga letra ng

Sinaunang Kawi at isa sa 17 pa lamang na inskripsyon sa sinaunang Malay na natatagpuan sa Timog Silangan Asia. Ayon sa mismong dokumento, isinulat ito noong mga Marso Abril 822 at makikitang isa itong legal na dokumento ukol sa pagbabayad ng utang sa pagitan ng mga kahariang katulad ng *Tundun*, *Pailah*, *Binwangan* at *Puliran*. Para kay Postma, ang inskripsyon ay nasa sinaunang Malay, ang kahariang Tundun ay Tondo, habang ang Pailah at Puliran ay nasa Bulacan (may bayan ng Pulilan sa Bulacan) (Almario at Almario 2009, 4).

Gamit ang transliterasyon ni Postma, nagkaroon ng ibang interpretasyon si Jaime Figueroa Tiongson ng Pila Historical Society (Bayang Pinagpala). Para sa kanya, dahil sa yaman ng arkeolohikal na mga tuklas mula sa kanyang bayan, ang kandidato niya para sa lumang kaharian ng Pailah ay ang Pila, Laguna, hindi ang isang sitio Paila sa Bulacan. Kung titingnan ang *Vocabulario dela Lengua Tagala*, ang unang diksyunaryong Tagalog na nilimbag ni Tomas Pinpin sa Pila, Laguna at isinulat ni Padre Pedro de San Benaventura noong 1613, ang salitang “Puliran” ay nangangahulugang “Lawa.” Para kay Tiongson, tumutukoy ito sa Laguna de Bai. Ang salitang katabi ng Puliran na pinaniniwalaan noon na tumutukoy sa pinunong si Ka Sumuran para kay Tiongson ay ang salitang “kasumuran” ni San Buenaventura na tumutukoy naman sa “pinagmulan.” Samakatuwid ang Puliran Kasumuran ay ang lumang kaharian na nasa pinagmumulan ng Laguna de Bai na maaaring tumukoy sa mga bayan sa ibabaw ng mga kabundukan ng Laguna—Liliw, Majayjay at Nagcarlan. Ang Binwangan naman ay pinaniniwalaan ni Tiongson na ang bayan ngayon ng Paracale sa Kabikulan kung saan bag opa man dumating ang mga Espanyol ay pinagmiminahan na ng ginto. Narinig ko nang una niyang ipahayag ang kanyang teorya sa isang sampaksaan ukol sa mga Lungsod sa Pilipinas ng Heritage Conservation Society (Tiongson 2006). Nang magpresenta siya sa International Conference on Philippine Studies noong 2008 ay kanya nang binanggit na ang teksto ay hindi sinaunang Malay kundi lumang Tagalog gamit ang mga teknikal na salitang Sanskrit. Marami sa mga salitang makikita sa inskripsyon ay makikita rin sa *Vocabulario* ni San Buenaventura (Tiongson 2008). Ipinakilala ko si Tiongson kay Zeus A. Salazar sa isa iba pang iskolar ng Bahay Saliksikan ng Kasaysayan na nagtutulungan ngayon upang matapos ang isang aklat ukol sa isang bagong interpretasyon ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna.

Anuman ang maging bagong ambag ng aklat, mapapatibay ng liktao na ito ang pagpapatunay sa mga estudyante na hindi lamang sopistikado ang kultura ng mga maritimong kaharian sa Pilipinas, kundi mayroon din silang legal at kultural na mga ugnayan.

D. Ang Inskripsyon sa Palayok ng Calatagan

Isa pang liktao na magpapatunay na mayroon nang paraan ng pagsulat ang mga sinaunang Pilipino ay ang inskripsyon sa isang palayok na natagpuan ng mga mamamayan ng Calatagan, Batangas noong 1958 at napasakamay ni Alfredo Evangelista ng Pambansang Museo noong 1961 mula sa isang magsasaka.

Ang palayok na may taas na 12 sentimetro, lapad na 20 sentimetro at bigat na 872 gramo ay pinaniniwalaang mula pa noong ika-10 hanggang ika 14 na dantaon at may payak na disenyo na katulad lang ng ginagamit sa bahay para ipangluto ng kare-kare. Sa bunganga ng palayok, nakapalibot ang inskripsyon sa anyong baybayin o *surat* (Almario at Almario 2009, 10).

Dahil hindi ulit ito natagpuan *in situ*, may mga duda sa pagiging awtentiko ng palayok at ng surat nito. Ngunit, iniulat ni Eusebio Dizon ang hatol ng eksperto sa matandang sulating Indones Johannes de Casparis: *“it was not a fake as evidenced by the inscription itself. He maintained that it would be very difficult to fake such an inscription”* (Dizon 2003, 41).

Naging misteryo sa maraming iskolar ang kahulugan ng mga nakasulat. Kahit sina Jean-Paul Potet, Postma at de Casparis ay nabigo sa pagtatangkang transliterasyon. Ang unang pagtatangka ng Pambansang Alagad ng Sining sa Sining Biswal (iskultura) at hibang sa baybayin na si Guillermo Tolentino ay kanyang naisakatuparan sa tulong ng espiritista na tumawag pa ng mga pambansang bayani, mga prayle at isang espiritng Javanese.

Ngunit ang tanging *scientifically refereed* na transliterasyon ay inilabas nina Dr. Ramon “Bomen” G. Guillermo at Propesor Myfel D. Paluga sa *Journal of Southeast Asian Studies*. Ang transliterasyon ni Guillermo ay una kong inilabas noong 2008 sa pahintulot ni Zeus A. Salazar sa bahay-dagitab (website) ng Bahay Saliksikan ng Kasaysayan. Ang transliterasyon na tila isang panalangin para sa isang namatay na mahal sa buhay o isang pagbabasbas ng isang ina sa kanyang anak na nagsisimula sa mga linyang “ina bisa kata, guna kita payaba” (Guillermo 2008). Batay sa transliterasyon ni Guillermo, gumawa si Salazar ng sarili niyang salin. Inilabas din ng isang doktor mediko na si Fortich Oropilla at ni Rolando Borrinaga ang kanilang mga pagtatangka na (Borrinaga 2010). Ang mga debate ay nagluwal ng isang sampaksaan na inorganisa ng Archaeological Studies Program (ASP) ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman na pinamagatang “Sulat sa Palayok: A Symposium on the Decipherment of the Calatagan Pot Script” noong 1 Oktubre 2008.

Nang ilabas sa ang pag-aaral ni Guillermo kasama ni Paluga sa *Journal of Southeast Asian Studies*, inamin nilang hindi maaaring maging kumpleto ang kanilang siyentipikong transliterasyon (Guillermo at Paluga 2011).

Anuman, kahit hindi pa nabubuo ang *puzzle*, maganda pa ring halimbawa ito na may paraan na ng pagsusulat ang mga sinaunang Pilipino, bagama’t kung tutuusin, ang kakulangan ng iba pang mga liktao ay magsasabi na kung meron man, hindi ito naging malaganap sa mga ordinaryong mamamayan. Sa paniniwala ni Zeus A. Salazar batay sa isa sa aming pag-uusap, ang pagsusulat noon ay elitista pa rin, at limitado lamang sa mga relihiyoso at legal na dokumento. Nanatiling saligan ng pagsasalin-salin ng kulturang bayan ay ang mga oral na tradisyon.

E. Mga Gintong Kagamitan ng Ating Mga Ninuno

Noong 27 Abril 1981 sa isang proyekto sa pagtatayo ng irigasyon sa Magroyong, San Miguel, Surigao, isang opereytor ng *bulldozer* ang nakakita ng ilang mga kagamitang ginto sa isang 100 metrong-*landfill* ng mga lupang nanggaling sa isang katabing bundok. Nakapanayam ni Dr.

Florina H. Capistrano-Baker ang manggagawang si Edilberto Morales at mula dito kanyang naikwento:

In the next seven hours, he recovered several bangles and leg rings of hammered and twisted gold wires, fragments of "suso" necklaces, funnel shaped finials, a helmet-shaped vessel, a gold dagger, a waistband of finely woven gold filaments with clasp fasteners, and a massive gold necklace of hammered, polyhedral beads with granulated borders and florettes (Baker 2009, 15)

Sa takot at kawalang kaalaman ng kung ano ang tamang gawin, ibinilin niya ang mga gintong kasangkapan sa isang pari sa kanilang lugar, si Fr. Francisco Olvis. Ang ilan ay naibenta nila sa Maynila. Nang magtago siya ng isang taon sa Dumaguete, iniwan niya sa pari ang mga natitirang ginto (Cruz 2008).

Ang sumunod na alam natin ay ang mga gintong ito ay napasakamay na ng iba't ibang mga kolektor at mga museo. Ang mga kagamitang ito, kasama ng iba pang mga arkeolohikal na mga ginto na natagpuan sa Surigao, Butuan, Batangas, Mindoro, at Samar ay pinaniniwalaan na nagmula pa sa ating mga ninuno bago dumating ang mga Espanyol: Mga kandit (sash), sintron (belt), hebilya (buckle), hawakan ng punyal (dagger handles), sinturon sa braso (armbands), at mga *barter rings* na pulido at detalyado sa pagkakaukit (Almario at Almario 2009, 6; Metropolitan Museum of Manila). Marami sa mga artifakt na ito ay naka-eksibit ngayon sa "Pre-Colonial Gold and Pottery Collection" ng Bangko Sentral ng Pilipinas na nakalagak sa isang gwardiyadong taguan sa Metropolitan Museum of Manila, at sa "Crossroads of Civilizations: Gold of Ancestors" ng Ayala Museum.

Hindi lamang pangunahing kalakal at simbolo ng estado sa buhay (status symbol) ang ginto, ito rin ay may espirituwal na gamit ayon sa mga diskusyon ni Bernadette Abrera sa aming klase ng Kasaysayan 114 (Kasaysayang Pangkalinangan ng Pilipinas) sa UP Departamento ng Kasaysayan. Ayon kay Abrera na noong 1992 ay ipinaksa para sa kanyang tesis sa MA

Kasaysayan *Ang Numismatika ng Anting-Anting: Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, naniniwala ang mga ninuno natin na kapag natutulog ang tao, lumalabas ang kanyang kaluluwa sa mga butas ng katawan, sa mga kamay at paa. Kaya naman kailangan palibutan ang mga ito ng ginto upang mapanatiling matuwid ang kaluluwa at hindi mapasok ng masamang kaluluwa sapagkat natatakot ang dilim sa liwanag ng ginto. Ang ginto ay isang anting-anting o agimat! Kaya sa hindi iilang pagkakataon, nakakakita ng mga gintong maskara para sa patay na mga sinaunang Pilipino na tinatakpan ang mga mata, ilong, bibig at ulo. Ang tradisyong ito ay hindi nawala sa pagpasok ng Katolisismo, bagkus, ay humalo pa. Nagpapatuloy ang mga anting-anting bagamat marami sa mga disenyo nito ay Katoliko na. Simbolo ang anting-anting ng pagnanais natin na mapanatili ang ating kaluluwa na mabuti.

V. Paglalagom

Mayroon mga kritisismo sa paggamit ng teoryang linggwistika at paghahalo ng arkeolohiya rito sa pagpapaliwanag ng kultura, kabilang na ang mga isinulat nina Katharine Szabó at Sue O'Connor na nagsasabing dahil sa ginagawang simplipikasyon ng teoryang Austronesyano ng pagtatao sa Timog Silangang Asya, ikinukubli nito ang yaman ng pagkakaiba-iba ng mga arkeolohikal na rekord, isinasantabi ang kung anumang hindi tutugma sa *hypothesis* lalo na ang kultural na ekspresyon ng mga nangabuhay bago dumating ang mga Austronesyano, ngunit ang kanilang mga wika ay hindi na nagawang magpatuloy pa (Szabó at O'Connor 2004, 621-628).

May nakakaaliw rin na kritika ang manunulat na si Arnold Molina Azurin sa ginagawang pagpapatunay ng pre-hispanikong kulturang Pilipino sa pamamagitan ng linggwistikang teoritesasyon ng Austronesyano lalo na ng mga nasa iskwelang pangkaisipan sa kasaysayan, ang Pantayong Pananaw, na tinawag niyang “semantic mirage.” Sa isang papel na kanyang binasa 9th Linguistic Congress noong 2006 kanyang sinabi:

I have this suspicion that comparative linguistics has more integral aspects than a mere lexical listing such as employed in this reductionist gambit of jumping to conclusions (most probably to lay the ethnographic groundwork for the nativists' favorite imaginary, a great civilization that thrived hereabout in time immemorial., never mind if the evidence is egregiously nil)The point is that cognates in various languages may hint at a lot of things: a common origin? Long standing links through trade? Relocation or resettlement? But the hindsight of an ethnic statehood hosting a great civilization requires more than semantic jugglery. Unfortunately, the array of archeological and historical evidence does not support such wishful thinking propounded by the nativist Pantayong Pananaw coterie led by Zeus Salazar.

In other words, misuse of semantics in the local social sciences had misled authors and researchers of the previous generations to the blind alleys of self-bewilderment.

*Anybody can now play the same game ...and then sing along with the Bee Gees: "It's only words, and words are all they have, to blow your mind away...
...Semantics has turned into a phantasmagoria (Azurin 2006)*

Una sa lahat, hindi naman sinasabi nang Pantayong Pananaw na may “Dakilang Sibilisasyon” ang Pilipinas, lalo sa sukatan ng mga kanluranin. Ang kailangan lamang ipakita ay mayroon kabihasanan at sopistikado ito at dito hindi magkukulang ang ebidensyang arkeolohikal. Gayundin, mayroong kailangang gawin ang historyador batay sa kanyang pag-aaral ng kaalamang bayan. Kailangan niyang lampasan ang teknikal na mga paglalarawan ng mga arkeologo, kailangan niyang gamitin ang sinasabi ni Teodoro Agoncillo na “historical imagination” upang bigyan ng saysay ang mga kagamitang ito dahil hindi nila kayang magsalita para sa kanilang sarili. Ayon kay Carlos P. Tatel na sumulat ng isang panimulang papel ukol sa tunguhing “Arkeolohiyang Pilipino,” kailangang i-pook sa kultura ng bayan ang mga liktao gamit

ang ibang mga disiplina sa agham panlipunan at hindi lamang mga nasusulat na dokumento upang hindi tayo matali sa teknikal na lapit at pagbasa ng tradisyunal na Kanluraning arkeolohiya:

Sa konteksto tulad ng bayan natin, ang ideolohiya at kamalayan ng bayan ay hindi nasusulat; buhay sa mga alaala, gawain at nilikha / nililikha ng taumbayan, kabilang na roon ang materyal na kultura. Kung gayon para maunawaan ang labing arkeolohikal na labing materyal din, nararapat na makita ang sagot sa iba pang batis sa tulong ng iba pang disiplina. Dito papasok ang disiplina ng antropolohiya at etnograpiya sa pag-usisa sa kaalamang bayan (folklore), ng disiplina ng lingguwistiks sa pag-aaral ng wika at pagbabago ng wika, ng kasaysayan para sa paghahanap / pagkalap / pagsusuri ng mga nasusulat at dinasusulat na alaala ng lumipas (Tatel 2005, 206).

Pangalawa, sa kabila ng pagiging balido ang mga kritisismo, may reyalidad ang pagtuturo sa mga bata na hindi dapat gawing komplikadong masyado ang mga paliwanag. Kinakailangan din na isaalang-alang ang pagpunla ng malinaw na pambansang identidad at ang mga halagahin na kailangan nilang dalhin sa kanilang pagtanda. Ayon nga kay Florina H. Capistrano-Baker ukol sa mga arkeolohikal na gintong pamana ng Pilipinas sa isang panayam ni Cheche Lazaro:

We as a people are always searching for our identity, and we're always saying, 'oh we're so mixed, we're half this and half that.' But when yo see this collection, you say 'oh my goodness! That is the core. That is who we are! (Cruz 2008).

Ang lahat ng kasaysayan at kultura ay pananaw, ang mahalaga ang pananaw na ito ay isang pananaw na nagmula sa loob ng bansa upang magpagsilbihan ang sarili nating interes. Basta maliwanag ang *agenda*, walang problema. Pagtuturo ng *base culture* upang makita na maaaring itanghal ang pagbubuo ng bansa batay sa pagkakahalintulad ng ating mga kultura habang patuloy na nirerespeto ang kaibahan ng bawat isang kultura sa loob nito. Isang

arkeolohiya na ayon kay Carlos P. Tatel ay nakikita na “ang kamalayan ng pagpopook ay para sa kapakinabangan ng Pilipino” (Tatel 2005, 208). Isang arkeolohiya na tutulong sa pagbuo ng isang mas holistiko at naaayon sa kasaysayan na pagkakakilanlan upang magkaroon ng batayan ng pagkakaisa ang mamamayang Pilipino.

28 Marso 2012, 10:00 PM

*Para kay **Leonora Canda Briones**
(23 Marso 1925 – 18 Marso 2012)
Paalam Lola Leoning... Mahal ka namin!*

MGA SANGGUNIAN

Abrera, Ma. Bernadette Lorenzo. 1999. “*Anting-Anting: Pag-uugat sa Kasaysayan at Kultura,*” *ADHIKA* 1: 155-170.

Abrera, Ma. Bernadette Lorenzo. 2005. “Bangka, Kaluluwa at Katutubong Paniniwala.” *Philippine Social Sciences Review* 57 (1-4): 29-53.

Almario, Emelina S. at Virgilio S. Almario. 2009. *101 Filipino Icons Volume 2*. Lungsod Quezon: Adarna House, Inc.

Ambrosio, Dante. 2010 *Balatik Etnoastronomiya: Kalangitan sa Kabihasang Pilipino*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Unibersidad ng Pilipinas.

Ambrosio, Dante. 2005. “Balatik: Katutubong Bituin ng mga Pilipino,” *Philippine Social Sciences Review* 57 (1-4): 1-28.

Azurin, Arnold Molina. 2006. “Misuse of Semantics, Key to Miscues in Philippine Studies” (Papel na binasa sa 9th Philippine Linguistics Congress ng UP Department of Linguistics, 25-27 Enero 2006). http://web.kssp.upd.edu.ph/linguistics/plc2006/papers/FullPapers/IV-B-4_Azurin.pdf.

Baker, Florina H. Capistrano. 2009. *Gold of Ancestors: Precolonial Treasures in the Philippines, A Visitor's Guide*. Lungsod ng Makati: Ayala Foundation, Inc.

Bautista, Angel P. 2004. *Tabon Cave Complex*. Maynila: Ang Pambansang Museo ng Pilipinas.

Bellwood, Peter. 1984-85. “Hypothesis for Austronesian Origins,” *Asian Perspectives* 26: 107-117.

Bellwood, Peter. 1997. *Prehistory of the Indo-Malaysian Archipelago*. Manoa: Palimbagan ng Unibersidad ng Hawai'i.

Bellwood, Peter. 2006. *The Batanes Archaeological Project, and the Current State of the 'Out of Taiwan' Debate with Respect to Neolithic and Austronesian Language Dispersal* (Lekturang ibinahagi sa mga kaguruan ng UP Departamento ng Kasaysayan, Palma Hall 109, UP Diliman, Lungsod Quezon, 28 Marso 2006).

Borrinaga, Rolando O. "The Calatagan Pot: A National Treasure with Bisayan Inscription" (Lekturang binasa sa ika-31 National Conference on Local and National History, Family Country Hotel and Convention Center, Lungsod ng General Santos, 21-22 Oktubre 2010). <http://elson.elizaga.net/borrinaga/borrinaga-calatagan-pot.pdf>.

Covar, Prospero R. 1993. *Kalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Pilipino* (Lekturang Propesoryal bilang tagapaghawak ng Kaalamang Bayang Pag-aaral sa taong 1992, Departamento ng Antropolohiya, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas. Binigkas sa Bulwagang Rizal, UP Diliman, Lungsod Quezon, 3 Marso 1993).

Cruz, Booma, writer. 2008. "Gintong Pamana." Espesyal na dokumentaryo ng ABS-CBN News and Current Affairs.

delos Santos, Rico, writer. 2001. "Kasaysayan TV: Episode 1, Ang Unang Tao sa Pilipinas." TV Serye ng Knowledge Channel Foundation, Inc.

Dizon, Eusebio Z. 2003. "A Second Glance at the Calatagan Pot," sa Cynthia Ongpin Valdes, ed. *Pang-alay (Ritual Pottery In Ancient Philippines)*. Lungsod ng Makati: Ayala Foundation, Inc.

Dizon, Eusebio Z. at Rey A. Santiago. 1996. *Faces From Maitum: The Archaeological Excavation of Ayub Cave*. Maynila: Ang Pambansang Museo ng Pilipinas.

Fox, Robert B. 1970. *The Tabon Caves: Archaeological Explorations and Excavations on Palawan Island, Philippines*. Maynila: Ang Pambasang Museo ng Pilipinas.

Guillermo, Ramon G. 2008. "Ina Bisa Kata: Eksperimental na Pagbasa ng Inskripsyon ng Bangang Calatagan." http://images.bagongkasaysayan.multiply.multiplycontent.com/attachment/0/R9fkSAoKCEgAA_GDD64I1/Ramon%20Guillermo%20-%20Calatagan%20Rebisyon.pdf?key=bagongkasaysayan:journal:45&nmid=84042868.

Guillermo, Ramon G. at Myfel Joseph D. Paluga. 2011. "Barang king banga: A Visayan language reading of the Calatagan pot inscription (CPI)," *Journal of Southeast Asian Studies* 42: 121-159

Latourette, Kenneth. 1964. *A Short History of the Far East* Fourth Edition. Nueva York: The Macmillan Company.

Maceda, Teresita Gimenez. 1998. "The Katipunan Discourse on Kaginhawahan: Vision and Configuration of a Just and Free Society," *Kasarinlan: A Philippine Quarterly of Third World Studies*, 14 (2): 77-94.

Metropolitan Museum of Manila. Walang petsa. "Guidenotes: Classical Gold and Pottery from the Pre-Colonial Period." Maynila: Metropolitan Museum of Manila.

Mijares, Armand Salvador, Florent Détroit, Philip Piper, Rainer Grün, Peter Bellwood, Maxime Aubert, Guillaume Champion, Nida Cuevas, Alexandra De Leon, at Eusebio Dizon. 2010. "New Evidence for a 67,000-year-old Human Presence at Callao Cave, Luzon, Philippines," *Journal of Human Evolution* 59: 123-132.

Paterno, Maria Elena. 1995. *Treasures of the Philippine National Museum*. Makati City: Bookmark, Inc.

Salazar, Zeus A. 1982. "Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya" sa Rogelia Pe-Pua, ed. *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo at Gamit*. Lungsod Quezon: Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 83-92.

Salazar, Zeus A. 2004a. *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*. Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Zeus A. 2004b. *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas*. Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan.

Salcedo, Cecilio G. 1998. "The Indigenous Filipino Boat" sa *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume Two: The Earliest Filipinos*. Hongkong: Asia Publishing Company Limited, 207-219.

Scott, William Henry. 1989. *Filipinos in China Before 1500*. Maynila: China Studies Program, De La Salle University.

Solheim, Wilhelm II, G. 1984-85. "The Nusantao Hypothesis: The Origins and Spread of Austronesia Speakers," *Asian Perspectives* 26: 77-78.

Szabó, Katharine at Sue O'Connor. 2004. "Migration and Complexity in Holocene Island Southeast Asia." *World Archaeology* Vol. 36 (4): 621-628.

Tatel, Carlos Jr. P. 2005. "Ang Usapin ng *Historical Archaeology* sa Kapookang Pilipino," *Lagda: Jurnal ng Departamento ng Filipino at Panitikan sa Pilipinas*: 184-213.

Tiongson, Jaime F. 2006. "The Laguna Copperplate Inscription and the Route to Paracale" sa Jaime F. Tiongson at Cora Relova. *Heritage and Vigilance: The Pila Historical Society Foundation Inc. Programs for the Study and Preservation of National Historical Landmarks and Treasures* (Lekturang binasa sa "Seminar on Philippine Town and Cities: Reflections of the Past, Lessons for the Future," DAP, Lungsod ng Pasig).

Tiongson, Jaime F. 2008. "Laguna Copperplate Inscription: A New Interpretation Using Early Tagalog Dictionaries" (Lekturang binasa sa ika-8 International Conference on Philippine Studies, Philippine Social Science Center, Lungsod Quezon, 23-26 Hulyo 2008).

ERROR: syntaxerror
OFFENDING COMMAND: --nostringval--

STACK:

/Title
()
/Subject
(D:20120721153955+08'00')
/ModDate
()
/Keywords
(PDFCreator Version 0.9.5)
/Creator
(D:20120721153955+08'00')
/CreationDate
(mbchua)
/Author
-mark-